HUMANITIES DILIMAN (JANUARY–JUNE 2025) 22:1, 135–179

# Paggunita at Pagmamapa sa Nawawalang Obrang *500 Years of Philippine History* ni Carlos "Botong" Francisco

# Remembering and Mapping the Lost Work *500 Years of Philippine History* by Carlos "Botong" Francisco

**Jay Israel B. De Leon**
**Feorillo Petronilo A. Demeterio III**
De La Salle University

**Wilma M. Cruz**
Don Honorio Ventura State University

## ABSTRAK

Noong 2021, inilagak sa YouTube ang dihital na bersiyon ng lumang bidyo tungkol sa 1953 Philippines International Fair. May maikli itong bahagi na nagpapakita sa halos kabuuan ng nawawalang mural na *500 Years of Philippine History* (1953) ni Carlos "Botong" Francisco. Sa pamamagitan ng ilang imaging software, bumuo ang papel na ito ng mga still ng dalawang panel ng nasabing obra. Gamit ang kabubuo lamang na boceto (sketch) ng nasabing obra at ang mural na *Filipino Struggles through History* (1964) ni Francisco, minapa ng papel na ito ang mga historikal na elemento ng nasabing dalawang panel. Ang historikal, rekonstruktibo, at deskriptibong papel na ito ay mahalaga sa kasaysayan ng Pilipinong sining, kritisismo ng modernong Pilipinong sining, usapin ng paggamit ng digital imaging bilang sangkap sa pananaliksik tungkol sa Pilipinong sining, konserbasyon at preserbasyon ng sining at iba pang pamanang kultural, at usapin ng sining bilang materyal panturo ng kasaysayang Pilipino.

**Mga Susing Salita**: Carlos "Botong" Francisco, *500 Years of Philippine History*, digital imaging software, Pilipinong sining biswal, 1953 Philippines International Fair

## ABSTRACT

In 2021, an old footage of the 1953 Philippines International Fair was digitally uploaded on YouTube. This footage included a short segment that almost completely showcases the lost mural *500 Years of Philippine History* (1953) by Carlos "Botong" Francisco. With the aid of a number of imaging software, this paper reconstructs stills of the mural's two panels. Using the recently reconstructed sketch of this mural and the mural *Filipino Struggles through History* (1964) by Francisco, the historical elements of the lost mural's two panels were mapped out. This historical, reconstructive, and descriptive paper is significant to the history of Philippine art, criticism of modern Philippine art, discussions on the use of digital imaging as a tool for research about Philippine art, conservation and preservation of art and other cultural heritage, and discussions on the use of art as material in teaching Philippine history.


**Keywords**: Carlos "Botong" Francisco, *500 Years of Philippine History*, digital imaging software, Philippine visual arts, 1953 Philippines International Fair

## Introduksiyon

Sa artikulong "Remembering the Forgotten 1953 Manila World's Fair" ni Myles Garcia, pahapyaw na binanggit ang isang bidyo sa YouTube na umano'y kaisa-isang pelikulang nagdokumento sa 1953 Philippines International Fair (PIF). Ang pelikulang tinutukoy ni Garcia ay ang *Philippines International Fair 1953* na kuha ni Edvin Varland, ang konsul ng Sweden sa bansa noon, at ginawan ng dihital na bersiyon ng kaniyang kamag-anak na si Marcus Varland at inilagak sa YouTube noong 2021. De-kulay ngunit walang kasamang tunog ang pelikulang may habang dalawampu't tatlong minuto ng nakatatandang Varland. Para sa mga iskolar ng Pilipinong sining, partikular na sa mga iskolar na nakatuon sa mga obra ni Carlos "Botong" Francisco, mahalaga ang paksa ng 1953 PIF dahil dito itinanghal ng nasabing Pambansang Alagad ng Sining ang kaniyang obrang *500 Years of Philippine History* (500 YPH).

Ang 1953 PIF ay isang engrandeng proyekto ng administrasyon ni Pangulong Elpidio Quirino. Tatlo ang pangkalahatang layunin nito: 1) ipakita sa mundo ang natamo

ng Pilipinas sa nakalipas na limang siglo sa kultura, lipunan, ekonomiya, at politika, 2) ipakita ang napakasaganang yamang natural ng bansa para sa industriyal na pag-unlad, at ang mga posibilidad nito para sa komersiyo at turismo, at 3) bumuo ng mas malapit na ugnayang pangkomersiyo at pangkalakalan sa pagitan ng Pilipinas at mga banyagang bansa (Department of Commerce and Industry 30). Matapos ang matatagumpay na paglahok ng bansa noon sa iba't ibang internasyonal na pagtitipon, nangarap din ang administrasyong Quirino na magdaos sa Pilipinas ng isang pandaigdigang perya na magiging isang permanenteng institusyon sa Asya katulad ng Leipzig Fair, Milan Fair, at Barcelona Fair (Balmaceda 2). Upang pangasiwaan ang mga gawaing kaugnay ng 1953 PIF, binuo ni Quirino noong Marso 1952 ang isang komiteng kinilala bilang Philippines International Fair, Inc., at itinalaga si Cornelio Balmaceda, Kalihim ng Komersiyo, bilang tagapangulo nito (Office of the President of the Philippines). Ayon kay Balmaceda, napatunayan na sa ibang bansa sa loob ng ilang siglo ang pagiging epektibo ng mga pandaigdigang eksposisyon sa pagtataguyod ng pambansang progreso, lalo na sa mga aspekto ng kalakalang panlabas at industriya (40). Kaya naman, sinikap ng administrasyong Quirino na maisakatuparan ang 1953 PIF sa kabila ng limitadong oras at resorses, idagdag pa ang katotohanang pitong taon pa lamang ang lumipas pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Idinaos ang PIF mula 1 Pebrero hanggang 30 Abril 1953 sa United Nations Plaza, Maynila (kasalukuyang nasasakop ng Rizal Park) na may temang "500 Years of Philippine Progress." Nakuha naman ng 1953 PIF ang inaasahan nitong pandaigdigang atensiyon sapagkat naging laman ito ng mga pahayagan at magasin, partikular na sa Estados Unidos, katulad ng *New York Times* at *Newsweek*. Makasaysayan din ang 1953 PIF sapagkat ito ang unang malakihang pandaigdigang perya sa Malayong Silangan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (Garcia). Mayroon itong apat na pangunahing seksiyon: 1) kultural, 2) internasyonal, 3) nasyonal, at 4) komersiyal at industriyal na kakikitaan ng iba't ibang eksibit (Department of Commerce and Industry 31-32). Nasa sampung bansa ang lumahok sa 1953 PIF at nagtayo ng kani-kanilang mga pabelyon, tulad ng Estados Unidos, Espanya, Tsina, Indonesia, Italya, Sweden, Thailand, Cambodia, Belgium, at Vietnam.

Noong 1952, naimbitahan si Carlos "Botong" Francisco na magsumite ng mga boceto (sketch) ng ipipintang mural para sa PIF (Ty-Navarro at Zafaralla 14). Hindi

naman kataka-takang siya ang napili sapagkat malawak na ang karanasan niya sa malalaking pinta. Bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagsimula nang magpinta si Francisco ng mural kasama ang gurong si Victorio Edades at kaklaseng si Galo Ocampo, at sila'y kinilala bilang "Triunvirato ng Modernong Sining sa Pilipinas." Kabilang sa mga mural na ito ang *Rising Philippines* (1934), *Music* (1935), at *Mother Nature's Bounty Harvest* (1935). Pagkatapos nito'y nagpinta na rin siya ng kaniyang mga sariling mural. Isa na rin talaga siyang bantog na pintor noong dekada 50. Noong 1948, nagwagi ang kaniyang *Kaingin* (1945) sa unang pambansang eksibit ng Art Association of the Philippines (AAP). Tanyag din siyang tagadisenyo ng set, kagamitan, at kasuotan para sa mga pelikula ni Manuel Conde, kabilang na ang pinagpipitagang *Genghis Khan* (1950). Interesanteng banggitin na muntik pang hindi mapunta kay Francisco ang proyektong mural ng 1953 PIF. Sa isang talambuhay ni Francisco, ibinahagi na may isang pintor na nagprisintang siya ang magsusumite kay Arsenio Luz, Direktor-Heneral at organisador ng PIF, ng mga boceto, ngunit tumanggi si Francisco sa alok na ito (Ty-Navarro at Zafaralla 14). Nalaman na lamang sa kalaunan ni Francisco na patalikod siyang siniraan ng naturang pintor kay Luz at sinabing siya ay lasinggero, tamad, hindi mapagkakatiwalaan, at walang kakayahang ipinta ang napakahalagang mural (Ty-Navarro at Zafaralla 14). Buti na lamang pala't hindi gaanong nagtiwala si Francisco sa pintor na iyon at sa huli'y nakuha pa rin ang proyekto. Itinuturing ang 500 YPH bilang unang mahalagang mural ni Francisco (Guillermo at Ladrido). Malaki ang naiambag ng nasabing mural sa karera ni Francisco bilang pintor sapagkat siya ang itinuturing na kauna-unahang Pilipinong pintor na itinampok sa isang internasyonal na publikasyon nang mailathala sa *Newsweek* (9 Pebrero 1953 isyu) ang mga larawan ng boceto ng naturang mural (Ty-Navarro at Zafaralla 14). Ipinakikita ang mga larawang ito bilang Plate 1 at 2.



**Plate 1.** Unang Piraso ng Boceto ng *500 Years of Philippine History* na nireprodyus sa 9 Pebrero 1953 Isyu ng *Newsweek*



**Plate 2.** Ikalawang Piraso ng Boceto ng *500 Years of Philippine History* na nireprodyus sa 9 Pebrero 1953 Isyu ng *Newsweek*

Ang obrang 500 YPH ni Francisco ay isang pintang binubuo ng dalawang panel. Ang bawat panel ay may sukat na humigit-kumulang 2.5 metro ang taas at 42 metro ang haba. Hindi malinaw kung anong uri ng pintura ang kaniyang ginamit, ngunit tiyak na sa plywood ito iginuhit. Dahil cut-out ang itaas na bahagi ng dalawang panel, hindi maaaring sabihin na ang kanilang kabuuang sukat ay 2.5 metro x 88 metro. Idinisenyo niya ang dalawang panel para sumakto sa magkabilaang hugis "r" na estruktura sa likod ng monumento ni Dr. Jose Rizal na bahagi ng main entrance ng 1953 PIF. Ipinakikita ng Plate 3 ang lokasyon ng magkabilaang estruktura sa loob ng kasalukuyang mapa ng Rizal Park. Ang itim na bilog ay ang puwesto ng nasabing monumento.




**Plate 3.** Lokasyon ng Estrukturang Pinaglagyan ng Obrang *500 Years of Philippine History* sa Kasalukuyang Mapa ng Rizal Park, Maynila (Halaw ang mapang ito sa CalcMaps.Com)

Tila hindi napag-isipan kung ano ang mangyayari sa obra ni Francisco matapos magsara ang 1953 PIF. Pagkatapos ng nasabing perya ay binaklas ang dambuhalang obra, at hindi na matunton ang kinaroroonan ng ibang bahagi nito. Natagpuan noon sa National Library ang patong-patong na mga pintadong plywood na nakilala bilang mga parte ng nawawalang mural, ngunit ang mas maraming bahagi ay nawala at ginamit umanong materyal ng mga informal settler (Ty-Navarro at Zafaralla 14; Garcia). Hindi na natin alam ngayon kung naroon pa ba sa bodega ng National Library ang ilang piraso ng mural at kung ano na ang kondisyon ng mga ito. Ang tiyak ay may pirasong may sukat na humigit-kumulang 0.5 metro x 1 metro na nasa National Museum of Fine Arts (tingnan ang Plate 4), at isa pang pirasong may sukat na 0.7 metro x 0.9 metro at pinangalanang *Constabulary Officer* na naibenta ng Leon Art Gallery noong 2021 sa halagang tatlong milyong piso (tingnan ang Plate 5).

Maliban sa dalawang pirasong ito, mahigit pitumpung taon nang hindi nakikita ng publiko ang nawawalang obra ni Francisco.




**Plate 4.** Piraso ng *500 Years of Philippine History* na Nakalagak sa National Museum of Fine Arts



**Plate 5.** Pirasong "Constabulary Officer" mula sa *500 Years of Philippine History* na Naibenta ng Leon Art Gallery noong 2021

Kailan lamang muling nabuo ang mga panel ng boceto ng obrang 500 YPH. Watercolor ang pangkulay na ginamit ni Francisco, at iginuhit niya ito sa may labindalawang dahon ng papel. Ang nakumpletong boceto ay ipinagkaloob ni Dr. Solita Camara-Besa, kasapi ng National Academy of Science and Technology, sa Ayala Museum noong 2004. Kahit alam natin ang kabuuang itsura ng obrang 500 YPH dahil sa bocetong ito, hindi natin alam ang color scheme at pinal na latag ng parehong obra. Kumupas na ang watercolor ng boceto kaya ibang-iba ang color scheme nito kumpara sa karamihan ng obra ni Francisco. Batay sa boceto ay hindi rin natin malalaman na ang itaas na bahagi ng dalawang panel ay cut-out pala sa pinal na obra. Kahalintulad ang nilalaman ng obrang 500 YPH sa 1964 na obra ni Francisco na *Filipino Struggles through History* (FSTH) na ginawa niya para sa Manila City Hall at ngayon ay may sarili nang bulwagan sa National Museum of Fine Arts.

Kailan lamang natin muling nakita ang kulay at pinal na latag ng obrang 500 YPH nang inilagak sa YouTube ng nakababatang Varland ang dihital na bersiyon ng pelikulang "Philippines International Fair 1953" ng nakatatandang Varland. Masuwerte ang sambayanang Pilipino dahil ang pelikulang ito ay may 1' at 23" footage na nakatuon sa dalawang panel ng nasabing obra. Tracking shot ang ginawa ng nakatatandang Varland mula sa kaliwang bahagi ng bawat panel papuntang kanang bahagi. Ipinakikita ng Plate 6 kung paano nakalatag sa pader ng dalawang hugis "r" na bulwagan ng eksibit ang dalawang panel ng nasabing obra (PIF, *First Philippines International Fair*). Maiisip natin kung gaano kahirap ang ginawang tracking shot ng nakatatandang Varland.




**Plate 6.** Pagkakalatag ng Dalawang Panel sa Pader ng mga Hugis "r" na Bulwagan ng Eksibit sa Likod ng Monumento ni Jose Rizal

Ang maikling segment ng dihital na bersiyon ng pelikula ng nakatatandang Varland ang pangunahing materyal na tinutukan ng papel na ito.

Tumugon ang papel na ito sa suliraning “Ano ang itsura at mga bahagi ng nawawalang obrang 500 YPH ni Francisco?” Ang suliraning ito ay hinati-hati sa sumusunod na tiyak na suliranin: 1) Paano mahahalaw, malilinis, at muling matatahi ang mga frame ng obra mula sa dokumentasyon ng nakatatandang Varland?; 2) Ano ang mapa, mga bahagi, at mga historikal na naratibo ng unang panel ng nasabing obra?; 3) Ano ang mapa, mga bahagi, at mga historikal na naratibo ng ikalawang panel ng nasabing obra?; at 4) Ano pang mga hakbang ang maaaring isagawa upang masilayan pa rin ng sambayanang Pilipino ang nawawalang obrang ito?

## Pagsipat sa mga Naiwang Bakas ng Nawawalang Obra

Sapagkat nilalayon ng pag-aaral ang rekonstruksiyon ng orihinal na imahen ng 500 YPH, napakahalaga at lubusang interesante para sa mga awtor ang mga materyal na may biswal na dokumentasyon ng naturang mural. Marahil, maituturing na pinakamaagang nailathalang biswal na dokumentasyon ng mural ay nasa tomo 1, bilang 10-11 ng *Philippine Tours*. Nireprodyus sa naturang isyu ng *Philippine Tours* sa dalawang pahina ang walong black and white na panel ng boceto ng mural. Gayunman, hindi kumpleto ang mga itinampok na panel. Sa isyu naman ng *Newsweek* na dedikado para sa 1953 PIF, itinampok ang dalawang de-kulay na larawan ng boceto. Hindi rin kumpleto ang dokumentasyon ng boceto sa magasing ito. Tatlo ang maaaring dahilan kung bakit boceto lamang ang naidokumento ng *Philippine Tours* at *Newsweek*. Una, ang naturang isyu ng *Philippine Tours* ay inilathala noong Enero 1953, at maaaring sinimulan itong isulat noong nakaraang taon pa (1952) at hindi pa natatapos ni Francisco ang buong mural. Ang PIF isyu naman ng *Newsweek* ay inilathala noong 9 Pebrero 1953, at maaaring sinimulan din itong isulat bago pa man magbukas ang PIF at mailantad sa publiko ang mural noong 1 Pebrero 1953. Ikalawa, marahil wala naman talagang kongkretong plano ang mga organisador ng PIF hinggil sa preserbasyon ng aktuwal na mural. Ikatlo, mahirap kunan ng still images ang isang 88 metro na obra na nasa itaas ng isang matayog na pader. Makalipas ang halos anim na dekada, muling nareprodyus ang ilang de-kulay na bahagi ng boceto sa *The Life and Art of Botong Francisco* (2010) na inedit ni Patrick Flores pati na rin ang maliit na piraso ng aktuwal na mural na matatagpuan sa National Museum of Fine Arts. Ang buong larawan ng lahat ng mga panel ng boceto ay inilathala onlayn sa unang pagkakataon ng Ayala Museum sa isang bidyo sa YouTube na pinamagatang *Exploring 500 Years of Philippine History by Botong Francisco* noong 2022. Samakatuwid, lumilitaw na tanging si Edvin Varland lamang

ang may biswal na dokumentasyon ng aktuwal na obrang 500 YPH na may kulay at halos kumpleto. Ang ilang stills ng dokumentaryo ni Varland na nagpapakita ng mural ay isinama ni Garcia sa kaniyang artikulong "Remembering the Forgotten 1953 Manila World's Fair" (2022) pati na rin ang larawan ng isang bahagi ng boceto nito.

Ang mga nakasulat na materyal na nagtampok sa boceto ng 500 YPH ay naglaan din ng maiikling pagtalakay tungkol sa nilalaman at bakgrawnd ng mural. Una na rito ang Enero 1953 isyu ng *Philippine Tours*, kung saan kalakip ng black and white na reproduksiyon ng boceto ang isang artikulong isinulat ni Enrique Fernandez Lumba na pinamagatang "500 Years of Philippine Progress" na siya ring pangkalahatang tema ng 1953 PIF. Bagama't hindi direktang pumapatungkol sa mga imahen ng mismong mural, mababanaag sa artikulo ni Lumba ang pangkalahatang naratibong pangkasaysayan na isinaalang-alang ng 1953 PIF. Ang naratibong ito ay nahahati sa sumusunod na pagpapanahon: 1) panahon bago dumating si Ferdinand Magellan kung saan mayroon nang "antas ng sibilisasyon" ang mga barangay at nakipagkalakalan na sa mga dayuhan, 2) panahon ng mga Espanyol na "hindi sumupil sa progreso" ng mga katutubo kundi "nagbigay ng pagkakaisa at lakas sa kanila", at nagbinyag sa mga katutubo sa pananampalatayang Kristiyano kung saan nagkaroon ng progresong kahit paano'y "mas mabilis kaysa ibang bansa sa Silangan at Kanluran", 3) pag-usbong ng mga pag-aalsa dahil sa mga pang-aabuso ng pamahalaang Espanyol na humantong sa pagsibol ng nasyonalismo sa katauhan nina Padre Jose Burgos, Graciano Lopez Jaena, Marcelo del Pilar, Jose Rizal, at Andres Bonifacio hanggang sa maisilang ang Republika ng Malolos, 4) panahon ng mga Amerikano kung saan nagkaroon ng "mabilis na progresong politikal" ang mga Pilipino na nagbunsod ng iba pang pag-unlad sa sanitasyon, edukasyon, kultura, komersiyo, at agrikultura, at 5) panahong kontemporanyo sa 1953 PIF kung saan ang Pilipinas ay nahahanay na sa mga bansang malaya (Lumba 27). Samantala, ang 1953 PIF isyu naman ng *Newsweek* ay naglakip ng ilang deskripsiyon sa mga imaheng makikita sa de-kulay na boceto ng mural. Sa mga deskripsiyong ito, inilarawan ang kasaysayan ng Pilipinas bilang "masalimuot" at si Francisco bilang isa sa mga katangi-tanging pintor ng bansa (*Newsweek* 34-35). Kabilang sa mga imaheng tinukoy sa deskripsiyon ang pagdating at pagkapaslang kay Magellan sa pangunguna ni Lapu Lapu, pagdating ni Miguel Lopez de Legazpi at pakikipagsandugo kay Datu Sikatuna, pagdating ni Martin de Goiti sa Maynila upang makipag-usap kay Rajah Sulayman, pagtatatag ng Katipunan ni Andres

Bonifacio at paglulunsad ng rebolusyon laban sa mga Espanyol, pagkulong kay Rizal at pagbaril sa kaniya sa Bagumbayan, pagpapasinaya ng Unang Republika sa pangunguna ni Emilio Aguinaldo, at pagsisimula ng panahon ng mga Amerikano sa Kasunduan sa Paris at Digmaang Espanyol-Amerikano. Sa espesyal na isyung ito ng *Newsweek*, dalawang pahina lamang na spread ang nakalaan para sa mural. Ang malaking bahagi ng isyu ay tungkol mismo sa pag-oorganisa ng 1953 PIF, kasama na ang mga isinagawang paghahanda, mga tampok na produkto't eksibisyon ng iba't ibang bansa, mga suliraning kinaharap, at pagpapakilala sa organisador na si Luz.

Sa mga materyal na nagtampok sa 500 YPH, dalawa ang may detalyadong pagtalakay sa nilalaman ng mural. Sa polyetong *500 Years of Philippine Progress: Gateway to the East* (1953) ng Philippines International Fair, nireprodyus sa loob ng walong pahina ang nasa labindalawang bahagi ng boceto na may kalakip na ilang tala tungkol sa ipinakikitang pigura o pangyayaring pangkasaysayan. Ganito inilarawan sa naturang polyeto ang obra:

> Ang mga pinakakahanga-hangang pinta sa Philippines International Fair ay ang mga mural na angkop na inilagay sa magkabilang panig ng malawak na entrada patungong Exposition City. May labindalawang panel na iginuhit lahat ni G. Carlos V. Francisco na kinikilala ngayon bilang pinakanangungunang Pilipinong muralist. Ang kaniyang brotsa ay maaaring nagkukulang sa kasinupan at kapinuhan ng kay Juan Luna, Pilipinong pintor na bantog sa buong mundo, ngunit hindi ito nagkukulang sa pagiging mapangahas, magiliw, at masigla. Inilalarawan sa mga panel ang mga katangi-tanging sandali sa kasaysayan ng Pilipinas mula sa panahon ng mga mito hanggang sa kasalukuyan. (PIF, *500 Years* 24; salin ng mga may-akda)
>
> By far the most impressive paintings at the Philippines International Fair are the murals fittingly placed on both sides of the broad entrance to the Exposition City. There are twelve panels all drawn by Mr. Carlos V. Francisco, who today enjoys the reputation of being the foremost Filipino muralist living. His brush may lack the sweep and finesse of that of Juan Luna, world famous Filipino painter, but it is no less bold, genial, and vigorous. Depicted by the panels are the outstanding events in the history of the Philippines from the age of myths to the present time. (PIF, *500 Years* 24)

Sa isang bidyo sa YouTube naman ng Ayala Museum na "Exploring 500 Years of Philippine History by Botong Francisco," ipinakita rin ang kabuuan ng labindalawang dahon ng boceto ng mural. Nagbigay rin ng ilang tala ang tagapagsalaysay sa bidyo tungkol sa mga elemento, motif, at simbolismong matatagpuan sa boceto, gayundin sa estilong ginamit ni Francisco sa pagguhit.

May pagbanggit din tungkol sa 500 YPH sa mga talambuhay ni Francisco. Sa *Twentieth-Century Filipino Artists* (1993) ni Manuel Duldulao, may isang pahinang nakalaan para sa maikling talambuhay ni Francisco kung saan nabanggit na siya'y naimbitahang magpasa ng boceto para sa 1953 PIF at ang mural ay nailathala sa *Newsweek*. Nabanggit din ito nina Virginia Ty-Navarro at Paul Zafaralla sa *Carlos V. Francisco: The Man and Genius of Philippine Art* (1985) at ibinahagi ang pagkawala ng mural at aksidenteng pagkakatuklas ng ilang piraso nito sa National Library. Nabanggit din ang 500 YPH bilang unang mahalagang mural ni Francisco sa *Kayumangi: Biographies of Philippine Visual Artists* (2000) ng Peso Book Foundation at sa entri para kay Francisco sa *CCP Encyclopedia of Philippine Art* (2020 Digital Edition) na isinulat nina Alice Guillermo at Rosa Concepcion Ladrido. Nagbigay rin ng kaunting paglalarawan sina Guillermo at Ladrido sa nilalaman ng mural na sumaklaw sa alamat ng unang lalaki at babae na sina Malakas at Maganda hanggang sa administrasyon ni Quirino. Nabanggit din na samantalang nakatanggap ng internasyonal na pagkilala sa *Newsweek*, hindi ganoon kainit ang lokal na pagkilala rito sapagkat ito'y agaran at walang ingat na binaklas pagkatapos ng 1953 PIF. Sa mga talambuhay ni Francisco na nirebyu para sa pag-aaral nito, tanging kay Flores ang may komprehensibong pagtalakay sa nilalaman ng mural at biswal na dokumentasyon ng ilang bahagi ng boceto nito. Sa partikular, inilarawan ni Roberto Paulino sa kabanatang isinulat niya na pinamagatang "Visualizing Philippine History: Image and Imagination in Murals" ang mga tema at estilong matatagpuan sa mural, katulad ng "great man theory" o pagbibigay-diin sa mga lalaking bayani sa naratibong pangkasaysayan ng bansa, ang pagguhit ng idealisadong pigura ng katawan ng mga bayani, ang malaya at malikhaing representasyon/reimahinasyon ng mga imahen ng mga historikal na personalidad at mga pangyayari sa kasaysayan, at ang pangingibabaw ng kasaysayang politikal kung saan tila naisantabi ang mga karaniwang tao sa naratibo. Ang pagsusuring ito ni Paulino ay batay sa boceto ng 500 YPH na ang ilang bahagi'y may reproduksiyon sa naturang libro.

## Saysay ng Muling Pagtunghay sa 500 YPH

Ang pagpapakita ng buong larawan ng nawawalang obrang 500 YPH at pagmamapa sa mga historikal na elemento nito ay mahalaga sa Pilipinong kasaysayan ng sining, lalo na't ang obrang ito ay likha ng isang Pambansang Alagad ng Sining. Pinalawak at pinalalim nito ang halaga ng maikli, walang tunog, at depektibong bidyo na dokumentasyon ni Edvin Varland. Mahalaga rin ang papel na ito sa larangan ng kritisismo, partikular na sa pag-aaral ng modernong sining sa Pilipinas, dahil pinunan nito ang puwang sa pagitan ng boceto ng 500 YPH (1953) at FSTH (1964) para masaksihan ang pag-inog ng sining ni Francisco sa loob na mahigit isang dekada. Ang papel na ito ay nagpapatunay rin sa kapakinabangan ng digital imaging bilang sangkap sa pananaliksik tungkol sa Pilipinong sining. Ang papel na ito ay maaari ding ituring bilang baseline na pag-aaral upang makapagplano pa ng karagdagang mga hakbang upang mas malinaw pang masilayan ng mga Pilipino ang nawawalang obra ni Francisco na nag-aambag sa salaysay ng ating pagbubuo ng bansa at paghahanap ng pambansang pagkakakilanlan. Isa rin itong paalala upang lalo pa nating itaguyod ang pangangalaga at seryosong dokumentasyon sa mga likhang-sining ng mga artistang Pilipino na mahahalagang bahagi ng ating kultural na pamana.

Ang papel na ito ay maaari ding gamitin bilang materyal panturo sa pagtalakay sa kasaysayan ng mga Pilipino. Para sa antas elementarya, na mas natututo ang mga mag-aaral sa mga kagamitang biswal, maaaring magamit ang mga natahing larawan mula sa bidyo ng nakatatandang Varland at Ayala Museum bilang mga visual aid sa pagpapakilala sa naging kasaysayan ng bansang Pilipinas. Para sa antas sekondarya, maliban sa muling pagpapaalala ng kasaysayan gamit ang mga larawan, maaari ding magamit ang papel na ito upang maipakilala si Francisco bilang isang Pambansang Alagad ng Sining, gayundin ang kilusang pansining na kaniyang kinabibilangan. Para naman sa antas tersiyarya hanggang sa antas gradwado, maaaring magamit ang papel na ito bilang lunsaran ng mas analitikal at kritikal na pag-unawa sa kasaysayan ng Pilipinas. Sa tulong ng muling nabuong larawan ng nawawalang obra ni Francisco, maaaring mapag-usapan ang sumusunod: ang usapin ng peryodisasyon, historikal na representasyon, ang isyu ng pambansang pagkakakilanlan at nasyonalismo, at maging ang kasaysayan ng mga kilusang pansining sa Pilipinas.

## Ang Landas ng Rekonstruksiyon

Upang matugunan ang unang tiyak na suliranin ng pag-aaral, humalaw ang ikalawang awtor ng papel na ito ng still images mula sa tracking shot ng dokumentasyon ni Varland sa obrang 500 YPH. Walang dolly at track[1] na ginamit ang nakatatandang Varland sa dokumentasyon, at lampas 3 metro ang taas ng kinaroroonan ng dalawang panel kaya't tabingi o distorted at iba't iba ang pagka-zoom ng mga nahalaw na still images. Kaya naman, kinailangan munang linisin at ayusin ang laki ng bawat screenshot bago tuluyang tahiin o pagdikit-dikitin sa pamamagitan ng mga application software na *Procreate* at *Adobe Photoshop*. Napansin ang pag-iiba ng kalidad sa pagkuha ng dokumentasyon sa ikalawang panel. Makikita sa bahaging 7:32 ng dihital na bersiyon ng bidyo ang biglaang pagkislap at pagbabago ng pokus nito. Ipakikita ng papel ang depektibong kuha ng ikalawang panel at ang isang bersiyon kung saan ang nawalang materyal ay pinunan ng piraso mula sa boceto, at ang lumabong bahagi ay pinatingkad gamit ang mga image-enhancement function ng mga nasabing software.

Upang matugunan ang ikalawa at ikatlong tiyak na suliranin, kinilala at ibinukod ang mga historikal na elemento ng bawat panel, ginawan ng mga pangalan/pamagat at binigyan ng maiikling historikal na naratibo. Montage[2] ang teknik na ginamit ni Francisco sa obrang 500 YPH, kung saan pinagtagpi-tagpi niya ang maraming historikal na elemento. Para sa mga malabo at mahirap intindihin na elemento, binalikan ng mga awtor ang mas lumang boceto o kinonsulta ang mas bagong obrang FSTH (1964). Kinonsulta rin ng mga awtor ang dokumentaryong bidyo na "Exploring 500 Years of Philippine History by Botong Francisco" ng Ayala Museum sa YouTube.

Upang matugunan ang ikaapat na tiyak na suliranin, pinagnilayan ng mga awtor ang mga limitasyon ng ginawang pananaliksik upang lalong mapag-isipan ang mga hakbang na maaari pang gawin nang mabawi mula sa limot ang nawawalang obrang 500 YPH ni Francisco.

---

1 Dolly ang tawag sa kagamitang may gulong kung saan maaaring ilagay ang camera na nakatutulong sa pahalang na pagkuha ng bidyo. Pinadaraan ito sa isang riles o track.

2 Montage ang tawag sa isang serye ng magkakahiwalay na mga imahen na pinagsunod-sunod o pinagdikit-dikit upang makabuo ng isang mas malaking larawang nagpapahayag ng isang sentral na ideya o tema.

Ang historikal, rekonstruktibo, at deskriptibong papel na ito ay may dalawang sustantibong seksiyon. Ang unang seksiyon ay presentasyon ng tinahing unang panel, mapa ng mga historikal na elemento nito, depektibong bersiyon ng ikalawang panel, isinaayos na bersiyon ng ikalawang panel at mapa ng mga historikal na elemento nito. Ang ikalawang seksiyon ay ang presentasyon ng color plate ng bawat elemento ng dalawang panel at ang kanilang maiikling historikal na naratibo.

## Ang Dalawang Tinahing Panel at Kani-kanilang Mapa

### Unang Tinahing Panel

Ipinakikita ng Plate 7 ang buong tinahing unang panel. Upang mas maging malinaw ang mga detalye, ipinakikita naman ng Plate 8 at 9 ang una at ikalawang hati ng parehong panel.




**Plate 7.** Tinahing Unang Panel




**Plate 8.** Unang Hati ng Tinahing Unang Panel




**Plate 9.** Ikalawang Hati ng Tinahing Unang Panel

Mapapansin ang pagiging cut-out ng itaas na bahagi ng unang panel. Ang makikitang lattice[3] sa background ay parte ng pader ng mga pansamantalang estrukturang ipinakita sa Plate 3 at 6. Sobrang tingkad ng color scheme ng unang panel at pati

3 Lattice ang tawag sa estrukturang binubuo ng mga magkakapatong na kahoy na ang mga pagitan ay hugis kuwadrado o diyamante.

na ng ikalawang panel kung ihahambing sa boceto, ngunit hindi gaanong nakuha ang mga detalye ng imahen sa dihital na bersiyon ni Varland. Hindi natin matitiyak sa ngayon kung maaari pa bang makagawa ng dihital na bersiyon batay sa aktuwal na 8 milimetro na pelikula ni Varland.

Ipinakikita ng Plate 10 ang mapa ng labingsiyam na historikal na elementong kabilang sa unang panel.




**Plate 10.** Mapa ng mga Historikal na Elemento ng Unang Panel

Ipinakikita ng Talahanayan 1 ang detalye ng mga historikal na elementong kabilang sa unang panel batay sa pagmamapa ng Plate 10.

| Numero ng Elemento | Pangalan | Taon | Mga Dominanteng Karakter at Icon |
|---|---|---|---|
| 1 | Pagdating ng mga Malay | 200 BC | mga Malay, bangkang may katig |
| 2 | Mito nina Malakas at Maganda | - | Malakas, Maganda, biyak na kawayan |
| 3 | Mga Katutubong Pilipino | siglo 15 | katutubo, Kalantiyaw, Lubluban |
| 4 | Mga Banyagang Mangangalakal na Nagbibigay-Pugay sa isang Babaeng Pinuno | circa 700-siglo 15 | mga banyaga, babaeng nakaupo sa trono |
| 5 | Pagdating ni Magellan | 1521 | Ferdinand Magellan, mga sundalong Espanyol |
| 6 | Misa sa Limasawa | 1521 | pari, mga katutubong dumalo sa misa, winasak na anito |
| 7 | Pagdating ni Magellan sa Cebu | 1521 | Ferdinand Magellan, mga sundalong Espanyol, mga katutubo, mga produkto |
| 8 | Labanan sa Mactan at Pagkamatay ni Magellan | 1521 | Lapu-Lapu, mga katutubong mandirigma, bangkay ni Magellan |

| Numero ng Elemento | Pangalan | Taon | Mga Dominanteng Karakter at Icon |
|---|---|---|---|
| 9 | Sandugo nina Sikatuna at Legazpi | 1565 | Sikatuna, Miguel Lopez de Legazpi, Escudo ng Espanya, imahen ng Santo Niño |
| 10 | Pagdating ni de Goiti sa Maynila | 1570 | Martin de Goiti, Rajah Sulayman, mga katutubong mandirigma |
| 11 | Pagpundar ng Maynila ni Legazpi at Pagkamatay ni Rajah Sulayman | 1571 | Miguel Lopez De Legazpi, bangkay ni Rajah Sulayman |
| 12 | Fray Andres de Urdaneta | 1565 | Fray Andres de Urdaneta |
| 13 | Kolonisasyon ng Hilagang Luzon | dekada 1570 | Juan de Salcedo, mga sundalong Espanyol, kanyon, mapa ng Hilagang Luzon |
| 14 | Pananalakay ni Limahong | 1574 | Limahong, barko |
| 15 | Paglaban ng mga Muslim sa Kolonisasyon | siglo 16-19 | mga mandirigmang Muslim |
| 16 | Pagsugpo sa mga Olandes ng mga Espanyol at Pilipino | 1646 | sundalong Olandes, sundalong Espanyol, imahen ng Nuestra Señora del Rosario |
| 17 | Kalakalang Galyon | 1565-1815 | galyon, mga produkto, mga mangangalakal |
| 18 | Pananakop ng Britanya | 1762-1763 | mga sundalong Briton, watawat ng Britanya |
| 19 | Mga Rebolusyon sa Hilagang Luzon | 1762-1763 | Diego Silang, Gabriela Silang, Juan de la Cruz Palaris |

**Talahanayan 1.** Detalye ng mga Historikal na Elementong Kabilang sa Unang Panel

## Ikalawang Tinahing Panel

Ipinakikita ng Plate 11 ang tinahing ikalawang panel. Mapapansin ang puwang sa may gitna nito dulot ng biglaang pagkislap ng dokumentasyon. Mapapansin din ang malabong imahen sa ikalawang hati ng panel na ito dulot sa biglaang pagbabago ng pokus sa kamera ni Varland.




**Plate 11.** Tinahing Ikalawang Panel na may Depekto

Ipinakikita ng Plate 12 ang buong tinahing unang panel na may splice mula sa boceto at naka-image enhance ang kalahating parte. Para mas maging malinaw na mga detalye, ipinakikita naman ng Plate 13 at 14 ang una at ikalawang hati ng parehong rektipikadong panel.




**Plate 12.** Tinahing Ikalawang Panel na Rektipikado



**Plate 13.** Unang Hati ng Tinahing Ikalawang Panel na Rektipikado




**Plate 14.** Ikalawang Hati ng Tinahing Ikalawang Panel na Rektipikado

Ipinakikita ng Plate 15 ang mapa ng labing-anim na historikal na elementong kabilang sa una at ikalawang hati ng rektipikadong ikalawang panel.





**Plate 15.** Mapa ng mga Historikal na Elemento ng Ikalawang Panel na Rektipikado

Ipinakikita ng Talahanayan 2 ang detalye ng mga historikal na elementong kabilang sa ikalawang panel batay sa pagmamapa ng Plate 15.

| Numero ng Elemento | Pangalan | Taon | Mga Dominanteng Karakter at Icon |
|---|---|---|---|
| 20 | Paggarote sa Tatlong Paring sina Gomez, Burgos, at Zamora | 1872 | Mariano Gomez, Jose Burgos, Jacinto Zamora |
| 21 | Si Rizal bilang Nobelista | 1887-1891 | Jose Rizal, mga tauhan ng *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* |
| 22 | Peregrinasyon sa Antipolo | - | mga Pilipinong naglalakbay patungong simbahan ng Nuestra Señora de la Paz y del Buen Viaje |
| 23 | Katipunan | 1892-1897 | Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, mga Katipunero, watawat ng Katipunan, mga Sundalong Espanyol |
| 24 | Melchora Aquino | 1896 | Melchora Aquino, ginagamot na sugatang Katipunero |
| 25 | Pagkulong at Pagbaril kay Rizal | 1892-1896 | Fort Santiago, Jose Rizal sa kulungan, Jose Rizal na binaril, mga sundalong Pilipino, mga sundalong Espanyol, pari |
| 26 | Pagdating ni Dewey sa Maynila | 1898 | George Dewey, American Bald Eagle, watawat ng Estados Unidos, mga sundalong Amerikano |
| 27 | Pagpapasinaya ng Unang Republika | 1899 | Emilio Aguinaldo, simbahan ng Barasoain, mga miyembro ng gabinete ni Aguinaldo, mga sundalong Pilipino |
| 28 | Labanan sa Pasong Tirad | 1899 | mga sundalong Pilipino, mga sundalong Amerikano, Gregorio del Pilar na nakasakay sa kabayo, isang katutubo |

| Numero ng Elemento | Pangalan | Taon | Mga Dominanteng Karakter at Icon |
|---|---|---|---|
| 29 | Pagdakip kay Aguinaldo | 1901 | Emilio Aguinaldo, mga sundalong Amerikano, Pilipinong sumusumpa ng katapatan sa Estados Unidos |
| 30 | Kolonisasyong Amerikano | 1898-1935 | William H. Taft, mga sundalong Amerikano, mga Pilipinong tumatanggap ng iba't ibang serbisyong panlipunan, Speaker Sergio Osmeña |
| 31 | Pamahalaang Komonwelt | 1935-1946 | Manuel Quezon at Sergio Osmeña, Matandang Manuel Quezon, Escudo ng Komonwelt, timbangan ng hustisya, sundalong Pilipino |
| 32 | Pananakop ng mga Hapon | 1941-1945 | mga sundalong Hapon, Tomoyuki Yamashita, pulang araw, mga Pilipinong pinapahirapan, Death March, apat na mangangabayo ng apocalipsis |
| 33 | Pagbabalik ni MacArthur at Liberasyon | 1944-1945 | Douglas MacArthur, Sergio Osmeña, Carlos P. Romulo, mga sundalong Amerikano, mga sundalong Pilipino, mga sasakyang pandigma, mga Pilipinong nagbunyi |
| 34 | Kasarinlan mula sa Kolonisasyong Amerikano at Rekonstruksiyon | 1946 | Manuel Roxas, watawat ng Pilipinas, Pilipinong manggagawa |
| 35 | Maunlad na Kasalukuyan | 1953 | Inang Bayan, mga Pilipino sa iba't ibang industriya, Elpidio Quirino |

**Talahanayan 2.** Detalye ng mga Historikal na Elementong Kabilang sa Ikalawang Panel na Rektipikado

## Ang mga Historikal na Elemento ng Dalawang Panel

Ang mga kasunod na subseksiyon ay biswal na maglalahad ng mga mas detalyadong historikal na elemento mula sa dalawang panel kasama ang maiikling historikal na naratibo.

**Elemento 1, Pagdating ng mga Malay (Plate 16).** Ayon sa polyetong *500 Years of Philippine Progress: Gateway to the East* ng 1953 PIF, ang ipinakikita sa bahaging ito ng mural ay pagdating ng mga Malay noong 200 BC (24). Impluwensiya ito marahil ng namamayaning teorya ng pagtatao sa Pilipinas noon ng antropologong si H. Otley Beyer na kinilala sa tawag na "Waves of Migration." Ayon sa teoryang ito, ang pinakahuling grupong dumating sa kapuluan mula sa timog bandang 300 hanggang 200 BC ay ang mga Malay, ang "pinakamarami at pinakaabansadong taong prehistoriko" sa Pilipinas (Beyer at de Veyra 2). Sa nakalipas na mga dekada, may mga teorya ng pagtatao sa Pilipinas ang humamon sa teorya ni Beyer.




**Plate 16.** Pagdating ng mga Malay

**Elemento 2, Mito nina Malakas at Maganda (Plate 17).** Sina Malakas at Maganda ang unang lalaki at unang babae sa mundo ayon sa mito ng paglikha ng mga Tagalog. Lumabas sila mula sa isang nabiyak na kawayan na tinuka ng isang ibon.



**Plate 17.** Mito nina Malakas at Maganda

**Elemento 3, Mga Katutubong Pilipino (Plate 18).** Makikita sa bandang ibaba ang isang katutubong nangangaso. Sa bandang itaas naman, makikita ang dalawang katutubong lalaki at babae na may hawak na kalatas. Kung titingnan ang isa pang pinta ni Francisco na pinamagatang *Kalantiao at Lubluban* (1945), may pagkakahawig ito sa kaniyang depiksiyon sa dalawang taong umano'y unang tagapagbigay ng batas sa kapuluan.



**Plate 18.** Mga Katutubong Pilipino

**Elemento 4, Mga Banyagang Mangangalakal na Nagbibigay-Pugay sa isang Babaeng Pinuno (Plate 19).** Tatlong banyaga ang makikita sa bandang kaliwa: isang Hapon, isang Arabe, at isang Tsino. Ipinakikita nito ang pakikipag-ugnayan at pakikipagkalakalan ng mga katutubo noong panahong prekolonyal sa mga nabanggit na grupo ng tao. Ang mga banyagang ito'y nakaharap at tila nagbibigay-pugay sa isang babae sa bandang kanan na may natatanging kasuotan at palamuti sa katawan. Ipinakikita umano nito ang impluwensiya ng mga sinaunang imperyong Srivijaya at Madjapahit sa lipunang Pilipino noong panahong prekolonyal (PIF, *500 Years* 24).




**Plate 19.** Mga Banyagang Mangangalakal na Nagbibigay-pugay sa isang Babaeng Pinuno

**Elemento 5, Pagdating ni Magellan (Plate 20).** Dumating ang pangkat ni Ferdinand Magellan, isang Portuges na nabegador, sa kapuluan noong Marso 1521. Pinangunahan niya ang isang ekspedisyong may basbas ng Hari ng Espanya.




**Plate 20.** Pagdating ni Magellan

**Elemento 6, Misa sa Limasawa (Plate 21).** Idinaos sa Limasawa ang isang misang Katoliko noong 31 Marso 1521 (Totanes 17). Makikita sa mural ang isang paring nagtataas ng krusipiho. Ito marahil si Padre Pedro de Valderrama, ang paring kasama sa ekspedisyon ni Magellan at tagapagdiwang ng naturang misa (17).



**Plate 21.** Misa sa Limasawa

**Elemento 7, Pagdating ni Magellan sa Cebu (Plate 22).** Noong 7 Abril 1521, dumating ang grupo ni Magellan sa Cebu. Nakuha rin ni Magellan ang loob ni Rajah Humabon, pinuno ng isla, at ang mga Espanyol ay binigyan ng pagkain at iba pang handog (Arcilla 14). Sang-ayon dito, ipinakikita sa mural ang mga katutubong nagbabagsak ng mga produkto sa harap ng mga Espanyol.



**Plate 22.** Pagdating ni Magellan sa Cebu

**Elemento 8, Labanan sa Mactan at Pagkamatay ni Magellan (Plate 23).** Hinirang ni Magellan si Rajah Humabon bilang kinatawan ng Hari ng Espanya sa Cebu (Arcilla 15). Matapos hindi kilalanin ni Lapu-Lapu, isa sa mga pinuno sa isla ng Mactan, ang bagong kalakaran at matapos tumangging magbayad ng tributo, nilayon ni Magellan na mapasunod ang katutubong pinuno sa pamamagitan ng isang labanan. Sa labanang naganap sa pagitan ng nasa 1,500 mandirigma ni Lapu-Lapu at maliit na grupo ni Magellan, nagwagi ang mga katutubo at napatay ang Portuges na nabegador (15-16).




**Plate 23.** Labanan sa Mactan at Pagkamatay ni Magellan

**Elemento 9, Sandugo nina Sikatuna at Legazpi (Plate 24).** Dumating sa mga katubigan ng kapuluan ang pangkat nina Miguel Lopez de Legazpi noong 1565. Nagpalipat-lipat sila sa mga isla upang maghanap ng makakain, hanggang nakarating sila sa Bohol (Arcilla 25). Dito nakipagsandugo si Legazpi kay Sikatuna, katulad ng ipinakikita sa mural (*Newsweek* 34-35).




**Plate 24.** Sandugo nina Sikatuna at Legazpi

**Elemento 10, Pagdating ni de Goiti sa Maynila (Plate 25).** Naglayag patungong Maynila si Martin de Goiti noong 1570 kung saan nakipagsandugo siya kay Rajah Sulayman (Arcilla 27-28).



**Plate 25.** Pagdating ni de Goiti sa Maynila

**Elemento 11, Pagpundar ng Maynila ni Legazpi at Pagkamatay ni Rajah Sulayman (Plate 26).** Itinatag ni Legazpi sa Cebu ang kauna-unahang kolonyang Espanyol sa kapuluan. Noong Abril 1571, naglayag mula Panay patungong Maynila si Legazpi, at tuluyan nang napasailalim ang Maynila sa kapangyarihan ng mga Espanyol. Gayunman, nagtipon ang libo-libong mandirigma mula sa mga kalapit na lalawigan at nagkaroon ng isang labanan sa Bankusay sa pagitan ng mga katutubo at mga Espanyol. Pinangunahan ito ng isang batang mandirigma na pinaniwalaan ng ilang manunulat bilang si Rajah Sulayman o ‘di kaya nama’y isang nangngangalang Tarik Sulayman (Piedad-Pugay). (Ayon sa National Historical Commission of the Philippines noong 2016, ang hindi pinangalanang batang mandirigma ay hindi si Tarik Sulayman o si Rajah Sulayman.)




**Plate 26.** Pagpundar ng Maynila ni Legazpi at Pagkamatay ni Rajah Sulayman

**Elemento 12, Fray Andres de Urdaneta (Plate 27).** Si Urdaneta ay isang pari at nabegador na nagsilbing piloto ng ekspedisyon ni Legazpi. Eksperto siya sa pana-panahong galaw ng hangin mula sa kaniyang karanasan bilang bahagi ng ekspedisyong pinangunahan ni Garcia Jofre de Loaisa (Agoncillo 77).




**Plate 27.** Fray Andres de Urdaneta

**Elemento 13, Kolonisasyon ng Hilagang Luzon (Plate 28).** Noong Mayo 1572, naglayag ang hukbo ni Juan de Salcedo, sundalong Espanyol at apo ni Legazpi, pahilaga upang sakupin ang lalawigan ng Ilocos at Pangasinan (Totanes 26).



**Plate 28.** Kolonisasyon sa Hilagang Luzon

**Elemento 14, Pananalakay ni Limahong (Plate 29).** Si Limahong ay kilalang pirata sa Tsina noong dekada 1560 hanggang dekada 1570. Matagumpay na nasalakay ng mga pirata ni Limahong ang Maynila noong Nobyembre at Disyembre 1574, hanggang sa sila'y nagtungo sa Pangasinan kung saan sila nagkuta (Shutz 321-22). Noong Marso 1575, dumating ang hukbo ni Salcedo sa Pangasinan at nagapi ang mga pirata, ngunit nakatakas si Limahong (Totanes 28).




**Plate 29.** Pananalakay ni Limahong

**Elemento 15, Paglaban ng mga Muslim sa Kolonisasyon (Plate 30).** Bagama't nagsimula pa noong ika-16 siglo, ang rurok ng pakikipaglaban ng mga Muslim sa mga kolonisador na Espanyol ay noong ika-18 hanggang ika-19 siglo, mula 1718 hanggang 1762 at mula dekada 1850 hanggang 1878 (Agoncillo 118). Noong 1750, walang humpay na sinalakay ng mga Iranun at mga Maranao ng Lanao ang Visayas

na nagresulta sa mga pagkaantala ng ekonomiya sa maraming isla (119). Bunga ito ng pagwasak ng mga Espanyol sa mga kabahayan at ari-arian ng mga Muslim, at pagturing sa mga bihag na Muslim bilang mga alipin (119).



**Plate 30.** Paglaban ng mga Muslim sa Kolonisasyon

**Elemento 16, Pagsugpo sa mga Olandes ng mga Espanyol at Pilipino (Plate 31).** Noong 1646, nagkaroon ng mga serye ng labanan sa pagitan ng mga puwersang Espanyol-Pilipino at mga Olandes sa Pilipinas. Pinaniniwalaang nagapi ng mga Espanyol at mga Pilipino ang mga Olandes sa tulong ng Nuestra Señora del Santisimo Rosario (Totanes 50-51).



**Plate 31.** Pagsugpo sa mga Olandes ng mga Espanyol at Pilipino

**Elemento 17, Kalakalang Galyon (Plate 32).** Ang Kalakalang Galyon ay tumutukoy sa taunang paglalakbay ng mga malalaking barkong galyon sa pagitan ng Maynila at Acapulco, Mexico para sa kalakalan na dumaraan sa Karagatang Pasipiko. Tumagal ito ng 250 taon, mula 1565 hanggang 1815 (Agoncillo 88-89).




**Plate 32.** Kalakalang Galyon

**Elemento 18, Pananakop ng Britanya (Plate 33).** Noong 1762, dumating ang may tatlong libong puwersang Briton sa Maynila upang sakupin ang kabisera ng kolonya. Madaling nagapi ang mga puwersang Espanyol-Pilipino dahil kakaunti lamang sila at kulang ang kanilang paghahanda (Rodriguez 195). Nanatili ang Pilipinas sa ilalim ng mga Briton hanggang 10 Pebrero 1763 nang lagdaan ang 1763 Kasunduan sa Paris at maibalik sa Espanya ang mga kolonya ng Cuba at Pilipinas (196).



**Plate 33.** Pananakop ng Britanya

**Elemento 19, Mga Rebolusyon sa Hilagang Luzon (Plate 34).** Noong 1762, nagkaroon ng mga rebolusyon sa Hilagang Luzon laban sa mga pang-aabuso ng mga opisyal na Espanyol. Kabilang na rito ang kina Juan de la Cruz Palaris sa Pangasinan at Diego Silang sa Ilocos. Nang mamatay si Diego Silang, ipinagpatuloy ng kaniyang kabiyak na si Maria Josefa Gabriela Silang ang rebolusyon at pinamunuan ang mga natitirang rebelde hanggang sa sila'y madakip at mahatulan ng kamatayan noong 1763 (Agoncillo 116).




**Plate 34.** Mga Rebolusyon sa Hilagang Luzon

**Elemento 20, Paggarote sa Tatlong Paring sina Gomez, Burgos, at Zamora (Plate 35).** Noong 17 Pebrero 1872, ginarote sa Bagumbayan ang tatlong paring sina Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora na pinaratangang sangkot sa pag-aaklas sa Cavite na naganap noong Enero 1872.



**Plate 35.** Paggarote sa Tatlong Paring sina Gomez, Burgos at Zamora

**Elemento 21, Si Rizal bilang Nobelista (Plate 36).** Ginising ni Rizal ang diwang makabayan ng maraming Pilipino sa pamamagitan ng kaniyang mga nobelang *Noli Me Tangere* (1887) at *El Filibusterismo* (1891). Inilarawan ni Rizal sa pamamagitan ng mga obra maestrang ito ang kalagayan ng bansang Pilipinas sa ilalim ng malupit na pamamahala ng mga Espanyol. Sinasalamin ng bawat tauhan sa kaniyang mga nobela, na ang ila'y makikita sa mural, ang iba't ibang uri ng tao mula sa mga itinuturing na matataas sa lipunan hanggang sa mga taong isinantabi, inabuso, at lumaban.



**Plate 36.** Si Rizal bilang Nobelista

**Elemento 22, Peregrinasyon sa Antipolo (Plate 37).** Kinikilalang mapaghimala ang imahen ng Nuestra Señora de la Paz y Buen Viaje sa Antipolo kaya dinarayo ito ng maraming deboto. Kabilang na rito ang ina ni Rizal. Noong iniluwal ni Doña Teodora si Jose, nangako siyang maglalakbay patungo sa dambana ng Birhen para sa ligtas na panganganak na tinupad ni Rizal para sa ina (L. Guerrero 45).




**Plate 37.** Peregrinasyon sa Antipolo

**Elemento 23, Katipunan (Plate 38).** Itinatag noong 1892 ang *Kataastaasan Kagalanggalang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan* o KKK. Nilayon nitong maglunsad ng armadong himagsikan laban sa mga Espanyol upang makamit ang kalayaan. Makikita sa mural si Andres Bonifacio, ang kinilalang Supremo ng Katipunan, gayundin si Emilio Jacinto na nagsulat ng *Kartilya*. Mapapansin rin ang mga tagpo ng pag-anib sa Katipunan sa pamamagitan ng dugo at ang pagsugod ng mga Katipunero sa pangunguna ni Bonifacio.



**Plate 38.** Katipunan

**Elemento 24, Melchora Aquino (Plate 39).** Si Melchora Aquino na kilala rin bilang "Tandang Sora" ay tinaguriang "Ina ng Katipunan." Tinulungan niya ang mga Katipunero sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain at iba pang pangangailangan.



**Plate 39.** Melchora Aquino

**Elemento 25, Pagkulong at Pagbaril kay Rizal (Plate 40).** Noong 7 Hulyo 1892, ilang araw lamang pagkatapos itatag ni Rizal ang *La Liga Filipina*, inaresto si Rizal dahil sa kaniyang mga isinulat na para sa mga Espanyol ay lumaban sa Simbahan at pamahalaan. Dinala si Rizal sa Fort Santiago bago ipatapon sa Dapitan kung saan siya nanatili sa loob ng apat na taon. Pagkatapos ng kaniyang sentensiya noong 1896, muling inaresto si Rizal. Noong 3 Nobyembre 1896, dumating sa Maynila ang bilanggong si Rizal at agad na ikinulong sa Fort Santiago (L. Guerrero 412). Nahatulang may sala si Rizal sa mga kasong rebelyon at ilegal na asosasyon kaugnay ng mga gawain ng Katipunan at sinentensiyahan ng kamatayan sa pamamagitan ng firing squad. Noong umaga ng 30 Disyembre 1896, binaril si Rizal sa Bagumbayan.



**Plate 40.** Pagkulong at Pagbaril kay Rizal

**Elemento 26, Pagdating ni Dewey sa Maynila (Plate 41).** Noong Abril 1898, sumiklab ang Digmaang Espanyol-Amerikano. Naglayag patungong Maynila ang hukbong-dagat ni George Dewey, komandante ng American Asiatic Squadron, at pumasok sa katubigan ng Look ng Maynila noong 1 Mayo 1898 (Agoncillo 196). Nagkaroon ng isang labanang pandagat kung saan natalo ng mga Amerikano ang mga Espanyol.



**Plate 41.** Pagdating ni Dewey sa Maynila

**Elemento 27, Pagpapasinaya ng Unang Republika (Plate 42).** Noong 23 Enero 1898, dinekreto ni Aguinaldo ang pagtatatag ng Rebolusyonaryong Pamahalaan at itinadhana ang pagkakaroon ng isang Kongreso na binuksan sa Barasoain, Malolos noong 15 Setyembre 1898 (Agoncillo 211-212). Nagsumite ng borador na konstitusyon ang Kongreso kay Aguinaldo na kaniyang pinagtibay noong 21 Enero 1899 (214). Pormal na pinasinayaan ang Unang Republika ng Pilipinas sa Malolos noong 23 Enero 1899.



**Plate 42.** Pagpapasinaya ng Unang Republika

**Elemento 28, Labanan sa Pasong Tirad (Hinalaw mula sa Boceto, Plate 43).** Noong 2 Disyembre 1899, naganap ang Labanan sa Pasong Tirad sa pagitan ng animnapung sundalong Pilipino sa ilalim ng pamumuno ni Heneral Gregorio del Pilar at mahigit tatlong daang sundalong Amerikano sa ilalim naman ng pamumuno ni Peyton March (Agoncillo 234). Natalo ang mga Pilipino sa labanang ito at napatay si del Pilar.




**Plate 43.** Labanan sa Pasong Tirad

**Elemento 29, Pagdakip kay Aguinaldo (Enhanced na Imahen, Plate 44).** Noong 23 Marso 1901, dinakip si Aguinaldo ng mga tauhan ni Heneral Frederick Funston sa kanilang punong-himpilan sa Palanan, Isabela. Dinala si Aguinaldo sa Maynila noong 1 Abril 1901 at nanumpa ng katapatan sa Estados Unidos (236).



**Plate 44.** Pagdakip kay Aguinaldo

**Elemento 30, Kolonisasyong Amerikano (Enhanced na Imahen, Plate 45).** Makikita sa mural ang naging unang Civil Governor ng Pilipinas sa ilalim ng Estados Unidos na si William Howard Taft (Abinales at Amoroso 134-35). Makikita rin sa mural ang mga serbisyong panlipunan na tinamasa ng mga Pilipino noon katulad ng pampublikong programang pangkalusugan at pang-edukasyon. Lumawak din ang partisipasyon ng mga Pilipino sa larangan ng pamahalaan. Ipinakita ito sa mural sa pamamagitan ng larawan ni Sergio Osmeña na nanalo sa unang halalan ng Philippine Assembly noong 1907 bilang Speaker (M. Guerrero 70).



**Plate 45.** Kolonisasyong Amerikano

**Elemento 31, Pamahalaang Komonwelt (Enhanced na Imahen, Plate 46).** Noong 1934, nilagdaan ni Pangulong Franklin Roosevelt ang Tydings-McDuffie Act na nagtakda sa pagbuo ng Komonwelt ng Pilipinas na magiging isang transisyonal na pamahalaan sa loob ng sampung taon (Abinales at Amoroso 147). Ginawang batayan ng nasabing pamahalaan ang 1935 Konstitusyon na nagtadhana sa isang pambansang halalan kung saan nanalo si Manuel Quezon bilang pangulo at si Sergio Osmeña bilang pangalawang pangulo. Pinasinayaan ang Pamahalaang Komonwelt noong 15 Nobyembre 1935 (Agoncillo 365).



**Plate 46.** Pamahalaang Komonwelt

**Elemento 32, Pananakop ng mga Hapon (Enhanced na Imahen, Plate 47).** Sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Pasipiko nang pasorpresang inatake ng mga Hapon ang Pearl Harbor sa Hawaii noong Disyembre 1941 (Agoncillo 401). Sinundan ito ng mga pag-atake at pambobomba ng mga Hapon sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Tuluyang napasakamay ng mga Hapon ang Maynila noong Enero 1942, at bumagsak ang Bataan noong Abril 1942 (406-08). Ipinakikita sa mural ang iba't ibang imaheng kaugnay ng Imperyalismong Hapon, katulad ng larawan ni Heneral Tomoyuki Yamashita sa Pulang Araw at ang isang sundalong Hapon na nagsasagawa ng *banzai*.[4] Ipinakikita rin ang iba't ibang paghihirap na pinagdaanan ng mga Pilipino sa ilalim ng mga Hapon tulad ng Bataan Death March. Ginamit na simbolismo ni Francisco ang "Apat na Mangangabayo ng Apocalipsis" sa bandang itaas upang ipakita ang malagim na yugtong ito sa kasaysayan ng Pilipinas (PIF, *500 Years* 31).

4 Banzai ang tawag sa sigaw na isinasagawa ng mga sundalong Hapon sa isang labanan.




**Plate 47.** Pananakop ng mga Hapon

**Elemento 33, Pagbabalik ni MacArthur at Liberasyon (Enhanced na Imahen, Plate 48).** Noong 20 Oktubre 1944, muling nagbalik si Heneral Douglas MacArthur sa Pilipinas. Dumaong ang kaniyang pangkat sa Red Beach, Palo, Leyte kung saan kasama niya sina Brigadier General Carlos Romulo at Pangulo ng Komonwelt Sergio Osmeña. Mula 24 hanggang 26 Oktubre 1944, naganap ang Labanan sa Golpo ng Leyte. Nagtagal pa ng ilang buwan ang mga labanan para sa liberasyon ng Pilipinas, at noong 4 Hulyo 1945, inanunsiyo ni MacArthur ang paglaya ng buong Pilipinas mula sa mga Hapon (Agoncillo 438).



**Plate 48.** Pagbabalik ni MacArthur at Liberasyon

**Elemento 34, Kasarinlan mula sa Kolonisasyong Amerikano at Rekonstruksiyon (Enhanced na Imahen, Plate 49).** Pagkatapos ng digmaan, muling itinatag sa Maynila ang Pamahalaang Komonwelt, naupo bilang pangulo si Sergio Osmeña, at binuwag ang Ikalawang Republika. Bilang bahagi ng mga hakbang tungo sa kasarinlan ng Pilipinas, idinaos noong Abril 1946 ang isang halalan kung saan nanalo bilang pangulo si Manuel Roxas. Noong 4 Hulyo 1946, iprinoklama ang paglaya ng Pilipinas alinsunod sa itinadhana ng Tydings-McDuffie Act, at si Manuel Roxas ang naging unang pangulo ng Ikatlong Republika (Agoncillo 452).




**Plate 49.** Kasarinlan mula sa Kolonisasyong Amerikano at Rekonstruksiyon

**Elemento 35, Maunlad na Kasalukuyan (Enhanced na Imahen, Plate 50).** Noong 15 Abril 1948, pumanaw sanhi ng atake sa puso si Manuel Roxas, kung kaya't naupo bilang pangulo ang pangalawang pangulo na si Elpidio Quirino. Bilang pangulo, ang kaniyang pangunahing layunin ay ipagpatuloy ang muling pagtatayo ng bansa mula sa mga pinsala ng digmaan at pangasiwaan ang pag-unlad nito sa pamamagitan ng pagpapatatag sa ekonomiya. Kabilang sa kaniyang programang pang-ekonomiya ang pagpapatatag sa sektor ng agrikultura at industriyalisasyon ng bansa (Cortes et al. 384-85). Sa huling bahaging ito ng mural, makikita ang grapikal na representasyon ng Inang Bayan na sumisimbolo hindi lamang sa kalayaan kundi sa sinasabing pagtatamasa ng mga Pilipino ng mga bunga ng progresong nagawa sa loob ng limandaang taon.



**Plate 50.** Maunlad na Kasalukuyan

Batay sa isinagawang pagmamapa at sa mga inilistang historikal na elemento, mapapansin ang pangkalahatang lapit ni Francisco sa peryodisasyon o pagpapanahon ng historikal na salaysay ng buong mural. Makikita sa mural ang sumusunod na panahon sa kasaysayan ng Pilipinas na karaniwan ding makikita sa mga teksbuk: 1) panahong prekolonyal (Elemento 1-4); 2) panahon ng pananakop ng mga Espanyol (Elemento 5-25); 3) panahon ng pananakop ng mga Amerikano (Elemento 26-31); 4) panahon ng pananakop ng mga Hapon (Elemento 32-33); at Ikatlong Republika (Elemento 34-35). Kapansin-pansin din ang makahulugang paghahati ng dalawang panel. Nagsimula ang ikalawang panel sa paggarote sa tatlong paring martir na sina Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora (kilala bilang "Gomburza"). Isa itong pagtatangka na bigyang-diin ang naturang historikal na elemento bilang isang ikutang pangyayari o *turning point* sa kasaysayan ng bansa. Ang pagkamatay ng Gomburza noong 1872 ay sinasabing isang susing pangyayari sa pagsiklab ng nasyonalismong Pilipino noong ika-19 siglo. Mapapansin din ang ganitong pagtatangi sa taong 1872 sa mga akda ng ilang historyador sa Pilipinas, tulad nina Renato Constantino at Teodoro Agoncillo. Ani Constantino:

> Kung gayon, minamarkahan ng 1872 ang isang bagong yugto sa umuusbong na kamalayan ng isang hiwalay na pambansang pagkakakilanlan. Kung noon ang konsepto ng Filipino ay may limitasyong panlahi at, nang lumaon, pangkultura, ang represyong

> naganap matapos ang pag-aaklas sa Cavite ay nagbunsod ng pagsasama-sama ng tatlong pangkat— mga creole, mga mestiso, at mga katutubo—na nagsama at naging malay sa kanilang umuusbong na pag-unlad bilang sambayanang Pilipino. (143; salin ng mga may-akda)
>
> Thus, 1872 marks a new stage in the growing consciousness of a separate national identity. Where the concept of Filipino used to have a racial and later a cultural limitation, the repression that followed the Cavite mutiny made the three racial groups–creoles, mestizos and natives–join hands and become conscious of their growing development as a Filipino nation. (143)

Ayon naman kay Agoncillo, ang hindi makatarungang pagbitay sa mga paring sina Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora ay isang ikutang pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas sapagkat pinasimulan nito ang isang bagong panahon—ang panahon ng pagkilos para sa reporma (129). Sa FSTH, mapapansin din ang pagbibigay-diin ni Francisco sa Gomburza sa pamamagitan ng paglalagay ng elementong ito sa pinakagitna ng obra. Lumilitaw, samakatuwid, na sa 500 YPH, hindi lamang ipinakita ni Francisco ang naging takbo ng kasaysayan sa Pilipinas kundi ipinakita rin ang ebolusyon ng pagkakakilanlan at pagkabansang Pilipino.

## Tungo sa Higit na Pagpapahalaga at Muling-Paglikha ng isang Natatanging Pamana

Ang papel na ito ay nakapaghalaw ng mga still mula sa 1' at 23" na kuhang bidyo ni Varland tungkol sa obrang 500 YPH. Matagumpay na nalinis, naayos, at natahi ang mga still na ito upang buuin ang dalawang panel ng nasabing obra. Pinunan ng papel na ito ang puwang ng depektibong bidyo at ginamitan ng image enhancement ang mga kuhang nawala sa pokus. Kahit may pagkukulang sa resolution ang mga naitahing panel, naipakita nito ang pinal na latag at matingkad na color scheme ng nasabing obra. Matagumpay ring naimapa at nabigyan ng maiikling naratibo ng papel na ito ang labingsiyam na historikal na elemento ng unang panel at labing-anim na historikal na elemento ng ikalawang panel.

Iminumungkahi ng papel na ito na suyurin ang bodega ng National Library upang makalap ang anomang nalalabi pang parte ng obrang 500 YPH at maidokumento at makonserba ang mga ito. Kung sakaling marami-rami pa ang maisasalbang

parte ng nasabing obra, maaaring gumawa ang National Museum of Fine Arts ng *anastolysis* upang muling mabuo ang obra gamit ang mga orihinal na parte at mga konstruksiyon.

Iminumungkahi rin ng papel na ito ang paggawa ng mas mataas na resolution ng dihital na bersiyon ng pelikulang *Philippines International Fair 1953* ni Edvin Varland batay sa orihinal na 8 milimetro na pelikula. Ito ay kung sakaling naitabi pa ng nakababatang Varland ang orihinal na pelikula.

Gayong may mga naitahi na tayong dalawang dihital na panel na matingkad ang color scheme ngunit kapos sa detalye, at may boceto tayong kupas ngunit mayaman naman sa detalye, maaari sigurong gumawa ng layered na dihital na imahen kung saan mapakikinabangan nang husto ang parehong matingkad na color scheme ng mga naitahing dihital na imahen at ang mayamang detalye ng boceto.

Ang iminungkahing digital layering ng boceto at mga naitahing imahen ay maaaring mano-manong gawin para lumikha ng mas maliit na reproduksiyon ng obrang 500 YPH. Lalong mapaghuhusay ang ganitong reproduksiyon kung aaralin muna ng mga pintor ang ibang kahalintulad na obra ni Francisco.

Ang iminungkahing mano-manong opsiyon sa paglikha ng reproduksiyon ng obrang 500 YPH ay maaari ding gawin gamit ang artificial intelligence para sa paglikha ng mas detalyadong dihital na reproduksiyon.

Nakatutuwang isipin na pagkatapos ng higit pitong dekada, ang obrang nababanggit na lamang sa mga pahina ng kasaysayan at tila nalimot na ng panahon ay muling nabigyang-buhay at nagkaroon ng pagkakataong matunghayan muli ng sambayanang pinag-alayan nito. Hindi lamang ito katibayan ng husay at talento ni Francisco bilang isang pintor kundi testamento rin sa magiting at makulay na nakaraan ng mga Pilipino. Gayunman, ang pagtatangkang tuklasin at buuing muli ang nawawalang obrang 500 YPH ay nagbubunyag at nagpapaalala sa atin ng ilang mahahalagang usapin hinggil sa pagsisinop ng ating mga kultural na pamana. Ang mga likhang-sining tulad nito, na nakikibahagi sa pagbubuo ng ating pambansang pagkakakilanlan, ay marapat lamang na pahalagahan at pangalagaan upang masilayan pa ng mga susunod na henerasyon ng mga Pilipino.

## Mga Sanggunian


Abinales, Patricio, and Donna Amoroso. *State and Society in the Philippines*. 2nd ed., Ateneo de Manila UP, 2017.

Agoncillo, Teodoro. *History of the Filipino People*. 8th ed., C and E Publishing, 2012.

Arcilla, Jose, S. J. *Kasaysayan: The Story of the Filipino People*. Vol. 3, Asia Publishing Company, 1998.

Balmaceda, Cornelio. "World Fair in Asia." *500 Years of Philippine Progress: Gateway to the East*, edited by Philippines International Fair, Carmelo and Bauermann, 1953, pp. 2–4, 40-42.

Beyer, H. Otley, and Jaime de Veyra. *Philippine Saga: A Pictorial History of the Archipelago Since Time Began*. The Evening News, 1947.

Constantino, Renato. *The Philippines: A Past Revisited*. Tala Publication Services, 1975.

Cortes, Rosario, et al. *The Filipino Saga: History as Social Change*. New Day Publishers, 2000.

Department of Commerce and Industry. "The First World's Fair in Asia." *Philippine Tours*, vol. 1, nos. 10-11, Jan. 1953, pp. 29–37.

Duldulao, Manuel. *Twentieth-Century Filipino Artists*. Legacy Publishers, 1993.

"Exploring 500 Years of Philippine History by Botong Francisco." *YouTube*, uploaded by Ayala Museum, 18 Mar. 2022, youtu.be/-USTeTYlkg0?si=Z6aYxskW6092X5Vv. Accessed 5 Feb. 2024.

Flores, Patrick, editor. *The Life and Art of Botong Francisco*. Vibal Foundation, 2010.

Francisco, Carlos. "Constabulary Officer." *Leon Art Gallery*, leon-gallery.com/auctions/lot/The-Magnificent-September-Auction-2021/160/57. Accessed 5 Feb. 2024.

Garcia, Myles. "Remembering the Forgotten 1953 Manila World's Fair." *Positively Filipino*, 9 Feb. 2022, www.positivelyfilipino.com/magazine/remembering-the-forgotten-1953-manila-worlds-fair. Accessed 5 Feb. 2024.

Guerrero, Leon Ma. *The First Filipino: A Biography of Jose Rizal*. National Historical Commission, 1974.

Guerrero, Milagros. *Kasaysayan: The Story of the Filipino People*. Vol. 6, Asia Publishing Company, 1998.

Guillermo, Alice, and Rosa Concepcion Ladrido. "Francisco, Carlos V." *CCP Encyclopedia of Philippine Arts Digital Edition*, 18 Nov. 2020, epa.culturalcenter.gov.ph/3/17/3550. Accessed 26 Aug. 2022.

Lumba, Enriquez Fernandez. "500 Years of Philippine Progress." *Philippine Tours*, vol. 1, nos. 10-11, Jan. 1953, p. 27.

Newsweek. *Newsweek Philippines Fair Issue*, 9 Feb. 1953.

Office of the President of the Philippines. "Official Month in Review: March 1952." *Official Gazette of the Republic of the Philippines*, www.officialgazette.gov.ph/1952/03/01/official-month-in-review-march-1952. Accessed 5 Feb. 2024.

Paulino, Roberto. "Visualizing Philippine History: Image and Imagination in Murals." *The Life and Art of Botong Francisco*, edited by Patrick Flores, Vibal Foundation, 2010, pp. 110–34.

Philippines International Fair. *First Philippines International Fair*. 1953.

_____, editor. *500 Years of Philippine Progress: Gateway to the East*. Carmelo and Bauermann, 1953.

"Philippines International Fair 1953." *YouTube*, uploaded by MVarland, 31 July 2020, youtube/_j0dGmEHwbQ?si=4J-SR8y86KLJVLlX. Accessed 5 Feb. 2024.

Piedad-Pugay, Chris Antonette. "The Battle of Bangkusay: A Paradigm of Defiance Against Colonial Conquest." *National Historical Commission of the Philippines*, 6 Sept. 2012, nhcp.gov.ph/the-battle-of-bangkusay-a-paradigm-of-defiance-against-colonial-conquest. Accessed 9 Feb. 2024.

Rodriguez, Felice Noelle. "A British Interlude." *Kasaysayan: The Story of the Filipino People*, by Jose Arcilla S. J., vol. 3, Asia Publishing Company, 1998.

Shutz, J. Travis. "Limahong's Pirates, Ming Mariners, and Early Sino– Spanish Relations: The Pangasinan Campaign of 1575 and Global History From Below." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, vol. 67, no. 3–4, 2019, pp. 315–42. muse.jhu.edu/article/743681/pdf.

Stangl, Jane, editor. *Kayumangi: Biographies of Philippine Visual Artists*. Peso Book Foundation, 2000.

Totanes, Henry. *Kasaysayan: The Story of the Filipino People*. Vol. 10, Asia Publishing Company, 1998.

Ty-Navarro, Virginia, and Paul Zafaralla. *Carlos V. Francisco: The Man and Genius of Philippine Art*. Ayala Museum and Kansai Seminar House, 1985.

---

Si **Jay Israel B. De Leon** (jay.deleon@dlsu.edu.ph) ay lektyurer ng Departamento ng Filipino, Pamantasang De La Salle, Maynila. Natamo niya ang digring Bachelor of Arts in History (magna cum laude) mula sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman noong 2018 at Master ng Sining sa Araling Filipino – Wika, Kultura, at Midya mula sa Pamantasang De La Salle, Maynila noong 2022 na may karangalang Gold Medal for Outstanding Master's Thesis. Kasalukuyan niyang tinatapos ang programang Ph.D. by Research sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle, Maynila.

Si **Wilma M. Cruz** (wmcruz@dhvsu.edu.ph) ay instruktor ng College of Arts and Sciences, Don Honorio Ventura State University, Bacolor, Pampanga. Nagtapos siya ng masterado sa parehong pamantasan. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kaniyang doktorado sa Araling Filipino na may espesyalisasyon sa wika, kultura, at midya sa Pamantasang De La Salle, Maynila.

Si **Feorillo Petronillo A. Demeterio III, Ph.D.** (feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph) ay isang distinguished full professor ng Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Malalayang Sining, at executive director ng Research and Grants Management Office ng Pamantasang De La Salle, Maynila. Siya ay awtor/ko-awtor ng higit sandaang artikulo sa hermeneutika, cultural studies, heritage studies, at pilosopiyang Filipino na nailathala sa mga lokal at internasyonal na dyornal. Nagsilbi siya bilang isang visiting research professor sa Council for Research in Values and Philosophy, Catholic University of America, Washington, D.C. noong 2013, at sa Divinity School of Chung Chi College, Chinese University of Hong Kong noong 2021. Isa siya sa mga tagapagtatag ng Andrew Gonzalez Philippine Citation Index.